
5

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 3:
## Mga Sinaunang Gusali sa Bansa



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MAPEH (Arts) – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Mga Sinaunang Gusali sa Bansa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Sarah P. Vitualla

**Editors:** Celestino I. Sapiler, Jr., Analou R. Montilla, Don Bernardo L. Gapasin

**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Charo C. Sombilon, Nestor A. Castaños, Jr.

**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez

**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Raul D. Agban
Lorelei B. Masias
David E. Hermano, Jr.
Shirley L. Godoy
Eva D. Divino
Jo-Ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov

# 5

# MAPEH (Music)

## Unang Markahan – Modyul 3:
## Mga Sinaunang Gusali sa Bansa

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **MAPEH (Arts) 5 ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul para sa araling Mga Sinaunang Gusali sa Bansa.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang disenyuhin, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ang gurong tagapagdaloy nang sa gayon ay matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-ikadalawampu't isang siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa MAPEH (Arts) 5 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Mga Sinaunang Gusali sa Bansa.!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang mga sinaunang bagay o gusali ay bahagi ng kultura ng ating bayan. Kabilang dito ang mga *mosque* at ang simbahan, mga lumang bahay, pati na rin ang mga museo at ilang tanggapan.

Ang mga ito ay dapat pahalagahan at ipagmalaki sapagkat makakatulong ito sa paglinang ng pambansang pagka- kakakilanlan at pagkakaisa..

Sa araling ito, sabay-sabay nating mailarawan at mapakita *via powerpoint presentation* ang iba't ibang disenyo ng mga gusali sa ating bansa na ginamit ng ating mga ninuno maraming taon na ang nakalipas (A5EL-Ic) at inaasahang makamit ang sumusunod na mga layunin:

a. Nakikilala ang mga mahahalagang bahagi ng iba't ibang *architectural designs* na matatagpuan sa lokalidad/lugar.
b. Nailalahad sa pamamagitan ng powerpoint presentation ang mga mahahalagang bahagi ng iba't ibang architectural designs na makikita sa mga sinaunang gusali sa lokalidad/lugar.
c. Napahahalagahan ang mga lumang kagamitan at gusali sa ating bansa/komunidad.

## Subukin


A. Panuto: Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang maliit na kahon kung nakita mo na sa personal, sa libro o sa telebisyon ang mga larawang ito. Tapos, kilalanin ang bawat isa, Ilagay ang iyong sagot sa kahon na nasa ibaba ng larawan.


1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

6. 

B. Ano-ano ang mga mahahalagang bahagi o elemento na nakikita mo sa desinyo ng mga gusali na nasa larawan 1 hanggang 6? Isulat sa loob ng kahon ang iyong sagot.

7.

8.

9.

10.

| Aralin 1 | Mga Sinaunang Gusali sa Bansa |
|---|---|

Ang Pilipinas ay maraming antigong gusali na makikita sa iba't-ibang bahagi ng bansa. Ito ay mga simbahan at tahanan na sa kabila ng mahabang panahon ay kakikitaan pa rin ng katatagan at kakaibang disenyo na tunay na maipagmamalaki.

## *Balikan*

Tukuyin kung ano ang sinasaad sa bawat pangungusap. Piliin ang wastong sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa patlang bago ang bilang.

| |
|---|
| Kwintas at Pulseras |
| Burnay |
| Manunggul |


___________ 1. Isa itong detalyadong garapon na gamit panglibing na may dalawang pigura.

___________ 2. Ito ay kalimitang yari sa mga tinuhog na butil, metal o plastik na pinalalamutian ng mga maliliit na metal na kumikiling tuwing magagalaw.

__________ 3. Ito ay tanyag na katutubong sining sa Vigan. Isang uri ng banga na kinagisnan ng mga mamamayan.

## *Tuklasin*

Suriin kung ano ang inilalahad sa larawan.



1. Ano ang nakita mo?

   ______________________

2. Sa anong paraan inilalahad ang mga ito?

   ______________________

3. Nasubukan mo na bang gumawa nang ganito? ______________________

4. Ano kaya ang mga kailangan upang makagawa nang ganitong paglalahad?

______________________________________________

## *Suriin*




<u>Ang Bahay Kubo</u>

Ang bahay kubo ay isang uri ng payak na tahanang kinagisnan nating mga Pilipino. Ito ay gawa sa mga kagamitang madalas nating makita sa kapaligiran tulad ng kawayan, dahon ng niyog, nipa, damong kogon, at iba pang mga maaring gamitin sa paggawa ng bahay. Nakatayo ito sa apat na poste na kadalasang gawa mula sa matibay na kahoy o kawayan.




Ang Torogan

Sa mga pamayanan sa timog tulad ng Marawi, ang Torogan ay isang mahalagang tanawin. Ang ito ay isang bahay na malaking tirahan ng pinakamataas na antas ng tao sa kanilang lipunan gaya ng pinuno ng Maranao, ang datu. Ang Torogan ay gawa sa kahoy at nakatayo sa malaking poste. Ito ay napapalamutian ng panolong, ang katutubong disenyong Muslim na sarimanok at Naga na inuukit sa kahoy.



Palasyo ng Malacañang

Ang unang gusali ng Malacañang ay bahay na bato. Ang mataas na kisame at mga nakakurbadang suleras nito ang naghahatid ng kapita-pitagang anyo. Ito ang opisyal na tirahan ng pangulo ng bansa. Pinapaganda at ipinapaayos ito ng mga pangulong naninirahan dito upang maging karapat-dapat na tahanan sa pinakamataas na opisyal.



Ang Bahay ni Gat Jose Rizal

Dito makikita ang mga  antigong bagay tulad ng pang-alis ng ipa ng palay,punka o bentilador na nakalagay sa kisame at mga pansala ng tubig. Ang kabuuan ng bahay ay maluwang at maaliwalas




Bahay na Bato sa Vigan o Bahay-na-bato

Isang uri ng bahay na kilala sa Pilipinas. Naitayo ang mga ito sa panahon ng pananakop ng mga kastila, at literal na ibig sabihin ay “bahay na gawa sa bato”. Ngunit hindi lamang ito simpleng bahay na gawa sa bato. Sa totoo ay isa itong ebolusyon ng pinagsamang arkitektura ng mga Kastila. Itinuturing ito na natatanging arkitektura sa Pilipinas.

## Pagyamanin

**Gawain 1**

Panuto: Kilalanin ang sinasaad sa bawat bilang. Hanapin ang sagot sa loob ng bilog at isulat ang titik sa napili mong sagot sa patlang bago ang bilang.

a. Bahay ni Gat Jose Rizal

b. Bahay na Bato sa Vigan

c. Torogan

d. Malacañang

e. Bahay Kubo

__________ 1. Ito ay bahay na bato. Ang mataas na kisame at mga nakakurbang suleras nito ang nahahatid ng kapitagang anyo.

__________ 2. Dito makikita ang mga antigong bagay tulad ng pang-alis ng ipa ng palay, punka o bentilador na nakalagay sa kisame at mga pansala ng tubig.

__________ 3. Isang uri ng bahay na kilala sa Pilipinas. Naitayo ang mga ito sa panahon ng pananakop ng mga kastila, at literal na ibig sabihin ay "bahay na gawa sa bato". Ngunit hindi lamang siya simpleng bahay na gawa sa bato.

__________4. Ito ay gawa sa mga kagamitang madalas nating makita sa kapaligiran tulad ng kawayan, dahon ng niyog, nipa, damong kogon, at iba pang mga maaring gamitin sa paggawa ng bahay.

__________5. Ito ay napapalamutian ng panolong, ang katutubong disenyong Muslim na sarimanok at Naga na inuukit sa kahoy.

**Gawain 2.**

**Panuto:** Suriing mabuti ang bawat larawan sa unang bahagi ng talahanayan. Ilarawan ang disenyong arkitektural ng mga ito at isulat sa kuwaderno ang inyong mga sagot.

| Istraktura | Paglalarawan |
|---|---|
|  | |
|  | |
|  | |
|  | |

**Gawain 3**

1. Sumulat ng tula/sanaysay/salawikain na naglalahad kung paano mo mapahahalagahan ang mga sinaunang gusali at kagamitan sa inyong komunidad.

2. Suriin ang ginawang sanaysay at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik na makikita sa “Susi sa Pagwawasto”



## *Isaisip*

Ang natutunan ko sa araling ito ay ________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________.

## *Isagawa*

1. Gamit ang mga natutunan mo sa iba't ibang disenyong arkitektural, gumawa ng *powerpoint presentation* (kung may *computer* sa bahay) at *collage* (para sa walang computer) tungkol sa mga mga lumang gusali at kagamitan na makikita mo sa inyong lugar o komunidad. Maging maingat sa paggamit ng *computer* o sa mga kagamitan para sa paggawa ng iyong collage.

2. Suriin ang ginawang *powerpoint o collage* at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik na makikita sa "Susi sa Pagwawasto"

Sagutin:

1. Ano ang iyong nararamdaman habang ginagawa ang power *point presentation* o ang *collage*?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano mo pahahalagahan ang mga lumang kagamitan at gusali sa ating bansa/komunidad?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

## *Tayahin*

Panuto: Pagtambalin ang mga paglalarawan sa hanay A sa mga tinutukoy nito sa Hanay B. Isulat lamang ang titik ng iyong sagot sa inyong kuwaderno.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Isang uri ng bahay na kilala sa Pilipinas. Naitayo ang mga ito sa panahon ng pananakop ng mga kastila, at ang literal na ibig sabihin ay “bahay na gawa sa bato”. Ngunit hindi lamang siya simpleng bahay na gawa sa bato. | A. Bahay Kubo |
| 2. Ito ay bahay na bato. Ang mataas na kisame at mga nakakurbang suleras nito ang nahahatid ng kapitagang anyo. | B. Bahay ni Gat Jose Rizal |
| 3. Dito makikita ang mga antigong bagay tulad ng pang-alis ng ipa ng palay, punka o bentilador na nakalagay sa kisame at mga pansala ng tubig. | C. Bahay na bato sa Vigan |
| 4. Ito ay gawa sa mga kagamitang madalas nating makita sa kapaligiran tulad ng kawayan, dahon ng niyog, nipa, damong kogon, at iba pang mga maaring gamitin sa paggawa ng bahay. | D. Torogan |
| 5. Ito ay gawa sa kahoy at nakatayo sa malaking poste. Ito ay napapalamutian ng panolong, ang katutubong disenyong Muslim na sarimanok at Naga na inuukit sa kahoy. | E. Malacaῆang |

Panuto: Kilalanin ang tinutukoy sa bawat katanungan sa loob ng kahon. Letra lamang ang isulat sa patlang.

| | |
|---|---|
| A. Torogan | D. Malacanang |
| B. Bahay Kubo | E. Bahay na Bato sa Vigan |
| C. Bahay ni Rizal | |

6. Sa mga pamayanan sa Timog tulad ng Marawi, ang _____________ ay isang mahalagang tanawin.
7. Ang __________________ ang opisyal na tirahan ng pangulo ng bansa.
8. Nakatayo ang ___________________ sa apat na poste na kadalasang gawa mula sa matibay na kahoy o kawayan.
9. Isang uri ng bahay na kilala sa Pilipinas ang ___________________ na itinayo sa panahon ng pananakop ng mga kastila.
10. Makikita sa ________________________ ang mga antigong bagay tulad ng pang-alis ng ipa ng palay, punka o bentilador na nakalagay sa kisame at mga pansala ng tubig.

## ***Karagdagang Gawain***

Gumawa ng isa pang *powerpoint presentation o collage* ng mga bahay kubo na matatagpuan sa inyong komunidad at ilarawan ang disenyong arkitektural ng mga ito.

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1-10. Depende sa sagot ng mga mag-aaral

**Balikan**

1. Manunggul
2. Kwentas at pulseras
3. Burnay

**Suriin**

Powerpoint Presentation

**Gawain 1**

1. Palasyo ng Malacañang
2. Bahay ni Gat Jose Rizal
3. Bahay na Bato sa Vigan
4. Bahay Kubo
5. Torogan

**Gawain 2**

**4.** Ang Bahay Kubo ay gawa sa mga kagamitang madalas nating Makita sa kapaligiran tulad ng kawayan, dahoon ng niyog, nipa, damong kogon, at iba pang mga maaring gamitin sa paggawa ng bahay.

**1.** Ang Torogan ay gawa sa kahoy at nakatayo sa malaking poste. Ito ay napapalamutian ng panolong, ang katutubong disenyong Muslim na sarimanok at Naga na inuukit sa kahoy
.

**2.** Sa Bahay ni Rizal makikita ang mga antigong bagay tulad ng pang-alis ng ipa ng palay,punka o bentilador na nakalagay sa kisame at mga pansala ng tubig.

**3.** Ang Palasyo ng Malacanang ay may mataas na kisame at mga nakakurbadang suleras nito ang naghahatid ng kapita-pitagang anyo.

**Gawain3**

Depende ng tugon ng mga mag-aaral

**Isagawa**

Sumangguni sa Rubriks

**Tayahin**

1. c
2. e
3. b
4. a
5. d
6. A
7. D
8. B
9. E
10. C

I. **Rubrik para sa Gawain 3 Sanaysay**

| Pamantayan | 5 | 4 | 3 | Marka |
|---|---|---|---|---|
| Kalinisan at Kahalagahan | Ang kalinisan ay nakikita sa kabuuan ng sanaysay gayundin ang nilalaman ay makabuluhan | Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at malinis | Walang kabuluhan at kalinisang nakikita sa sanaysay | |
| Istilo | Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at nababasa | Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa | Walang kalinawan at pagkamalikhain | |
| Tema | Ang kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan | Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema | Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman | |

II. **Rubriks para sa paggawa ng powerpoint/collage**

| Pamantayan | (5) | (3) | (1) | Marka |
|---|---|---|---|---|
| Tamang paggawa ng powerpoint/collage | Sadyang tama o wasto ang paggawa ng disenyo ng powerpoint/collage | Malinaw na hindi gaanong tama ang disenyo ng powerpoint/collage | Halatang hindi tama ang disenyo na ginamit | |
| Wastong paggamit ng techinique sa paggawa ng powerpoint/collage | Ang ginamit na technique ay wasto, malinaw at masining | Malinaw ang ginamit na technique pero hindi masyado masining | Hindi masining at malinaw ang technique na ginamit | |
| Kalabasan | Ang kalabasan ng powerpoint/collage ay may kaisahan at kaugnayan sa mga sinauang gusali | Karamihan sa nilalaman ay may kaugnayan sa tema | Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang ginuhit | |

# *Sanggunian*


Copiaco, Hazel, and Emilio Jacinto Jr. *Halinang Umawit At Gumuhit 5*. Reprint, Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vibal Group Incorporated. 2016, 2016, pahina 112-113

Mga larawan na malayang gamitin.

Domingo, Elmer. 2012. "File: Fort Santiago, Intramuros.JPG – Wikimedia Commons". Commons.Wikimedia.Org. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Fort_Santiago,_Intramuros.JPG.

2020. Accessed June 12. https://www.pexels.com/photo/superb-1670153/.

Bahay na Bato. https://pilipinasnakayganda.wordpress.com/2014/11/09/vigan-mga-kaibigan/

Church of Vigan. https://visitpinas.com/the-churches-of-ilocos/

Lumang Bahay sa Vigan. https://www.pinterest.ph/pin/447545900173874O3/

Mosque of the Philippines. https://www.choosephilippines.com/do/history-and-culture/278/the-grand-mosque-of-the-philippines

Bahay ni Rizal. https://www.pinterest.ph/pin/317996423662741405/

Nipa Hut. https://www.pxfuel.com/en/free-photo-ojndh

Torogan House Maranao. https://waytogo.cebupacificair.com/marawi-cuisine-community/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph